### BAYAN NG LOS ANGELES

KAGAWARAN NG KALUSUGAN NG KAISIPAN

Jonathan E. Sherin, M.D., Ph.D.
Director



MGA PARAAN NG PAGSAMPA NG HINANAKIT AT PAGHAHABOL

PATNUBAY SA MGA GAGAMIT

# Los Angeles County

# **Board of Supervisors**



Hilda L. Solis
First District
Mark RidleyThomas
Second District
Sheila Kuehl
Third District
Janice Hahn
Fourth District
Kathryn Barger
Fifth District

#### MGA PARAAN NG HINANAKIT AT PAGHAHABOL

Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Kaisipan ay panukala ng Lokal ng Kalusugan ng Kaisipan (MHP) para sa Bayan ng Los Angeles. Kung ikaw ay tumatanggap ng katangi-tanging serbisyo para sa kalusugan ng kaisipan sa ilalim ng MPH, mayroon kang karapatan na makakamit ng mga serbisyong angkop sa iyong kapansanan, kalinangan, wika, kasarian at gulang. Makatatangapa ka ng mga serbisyong pinagpasiyahan mo at ng iyong tagapagalaga ng iyong kalusugan. Hinihimok namin kayo na

tumulong sa pag-aalala sapamamagitan ng paggamit ng paraan ng kalutasan.

### PAPAANO ANG PARAAN NG KALUTASAN

Maaari mong malutasan ang iyong pag-aalala sa pamamagitan ng pakikipagusap sa iyong tagapagalaga o sa isang kinatawan ng programa ng kalusugan ng kaisipan.

Maaari kang humingi ng tulong sa Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente. Tutulungan ka ng isang taga-pagtaguyod na malutas ang ano

mang suliranin mo sa iyong tagapag-alaga o sa mga serbisyo.

Ang mga tagapag-taguyod ng mga Karapatan ng mga Pasvente ay matatawagan sa: \* (213)738-4949 para sa mga hinanakit o paghahabol na wala sa ospital

\* (213)738-4888 para sa mga hinanakit o paghahabol na nasa ospital

Maaari kang magsampa ng hinanakit sa pamamagitan ng pasalita o pagsulat sa ano mang oras. Maaari kang makakuha ng pormularyo para sa iyong hinanakit sa iyong tagapag-alaga

ng kalusugan ng kaisipan o sa Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente.

Maaari mong pahintulutan ang ibang tao upang kumatawan sa iyo. Hindi ka maaaring itangi o parusahan sa pagsampa mo ng isang hinanakit.

### SA MGA TUMATANGGAP NG MEDI-CAL

May karapatan kang mag-sampa ng Paghahabol sa Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente o maaari kang humiling ng isang Makatarungang Paglilitis kung ang MHP ay tinanggihan, binabaan, pinalitan o tinapos ang pagbabayad ng serbisyo para sa kalusugan ng iyong kaisipan. Mayroon man o wala kang matanggap na babala (NOA) mula sa iyong tagapagalaga. Ang NOA ay isang dokumentong ibinibigay ng mga tagapag-alaga sa mga tumatanggap ng serbisyo na nagsasaad kung may pagbabago sa kanilang natatanggap na serbisyo na serbisyo

## ANG MAKATARUNGANG PAGLILITIS ay isang malayang pagsusuri na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Social Serivces.

Sisiguraduhin sa paglilitis na matatanggap mo ang mga serbisyo para sa kalusugan ng kaisipan na nakalaan sa iyo ayon sa MHP.

Maaari ka lamang humiling ng isang Makatarungang Paglilitis kung ikaw ay tumatanggap ng Medi-Cal at kung nakumpleto mo na ang paraan ng Paghahabol avon sa MHP.

Kung nais mo ng isang Makatarungang Paglilitis ang iyong hiling ay kailangang gawin sa loob ng tatlumpung araw mula sa petsa na natanggap mo ang babala. Maaari kang humiling ng karagda gang labing-apat na palugit.

### BAYAD SA TULONG SA MGA HINDI PA NAPAPAGPASIYAHAN

Kung ikaw ay nakatanggap ng babala, maaari kang humiling ng mabilisang kalutasan ng iyong paghahabol sa ilalim ng isang matinding kalagayan.

Tutulungan ka ng Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente na magsampa ng isang Makatarungang Paglilitis. Kailangang tumawag ka upang humiling ng isang Makatarungang Paglilitis sa (800) 952-5253 o sumulat sa: Administrative Adjudications Division State Department of Social Services

744 P. Street, Mail Station 19-37 Sacramento, CA 95814.

### MAYROONG MGA KATANGI-TANGING MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG KAISIPAN

Serbisyo sa ospital sa may sakit sa pagiisip Serbisyo para sa may sakit sa pagiisip Serbisyo para sa kaugalian at
kaisipan Pangangasiwa sa isang
inaasintang kalagayan Maaga at paulitulit na pagpapagamot Serbisyo upang
maisaayos muli ang iyong lagay
Serbisyo sa isang lugar para sa may sakit
sa pagiisip.

## PAPAANO MAKAKAMIT ANG MGA SERBISYO

T u m a w a g s a A C C E S S Telecommunication Center sa (800)854-7771. Para sa serbisyong TTD/TTY, tumawag sa (562)651-2549.

Para sa talaan ng mga tagapag-alaga, tumawag sa ACCESS o sa Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente sa (213) 738-4949 o tignan sa kompyuter: www.lacdmh.org

#### MAHALAGANG IMPORMASYON

\* Upang makahiling na palitan ang tagapag-alaga, maaaring makipag-usap sa iyong tagapag-alaga o tumawag sa Tanggapan ng mga Karapatan ng mga Pasyente. \* Ang iyong mga lihim ay pangangalagaan sa lahat ng oras sa ilalim ng batas. \* Itong librito at mga kaugnay ng gamit ay makukuha sa ibang uri \* Mga taong gustong humiling ng ibang uri ay maaaring tumawag sa Tanggapan ng mga

Karapatan ng mga Pasyente sa (800)700-9996 o (213)738-4888.

\* Ang mga taong may kapansanan sa pagsasalita o sa pandinig ay matatawagan sa pamamagitan ng California Relay Services (800)735-2929. \* Ang Bayan ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugan ng Kaisipan ay hindi nagtatangi dahil sa kapansanan upang makatanggap ng serbisyo at makasali sa mga programa nito.

> MAY KARAPATAN KA SA LIBRENG SERBISYO PARA MATULUNGAN KA SA IYONG WIKA

### BILANG TUMATANGGAP NG SERBISYO MAYROON KANG KARAPATAN NA

- \* Magamot ng may pag-galang at may pagsasaalang-alang sa iyong karangalan at kalihiman;
- \*\* Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mapapag-piliang uri ng paggagamot na inalay sa paraang angkop sa iyong kalagayan at kakayanang umintindi:

- \* Makasali sa pagpapasiya na nauukol sa aking kalusugan kasama na ang karapatang tumangging magpagamot;
- \*Maging malaya sa ano mang uri ng paraan ng pagsugpo o pagkakapahiwalay na ginagamit bilang pang-puwersa,
- pang-disiplina o pang-ganti; Makahingi at makatanggap ng kopya ng iyong talaan ng pagpapagamot at humiling na ito ay mabago o maiwasto;
- \*Makatanggap ng impormasyon bilang pagalinsunod sa Title 42,
- CFR, Section 438.10 na nagsasalarawan ng mga kinakailangang impormasyon;
- Mabigyan ng serbisyo sa kalusugan bilang pag-alinsunod sa Title 42, CFR, Sections 438.206 hanggang 438.210, na sumasakop sa mga kinakailangang serbisyo, katiyakan ng sapat na serbisyo, pagtutuloy ng pag-aalaga at pagpapahintulot ng serbisyo.

Bayan ng Los Angeles - Kagawaran ng Kalusugan ng Kaisipan Tanggapan ng mga Karapatan ng mg a Pasyente (213) 738-4949 - Para sa mga Hinanakit o mga Paghahabolna wala sa ospital (213) 738-4888 - Para sa mga Hinanakit o mga Paghahabol na nasa ospital

dmh.lacounty.gov